Vol. I
Kartilya
AUX
Artists in BPO United for
Social Change

KARTILYA zine
A compilation of different works from AUX

November 2018

Kartilya

INTRODUKSYON

Sa pangangailangan ng isang organisasyong pangkultura sa hanay ng mga mangagawa sa industriya ng BPO, itinatag ang AUX o Artist in BPO Unite for Social Change noong ikawalo ng Pebrero ng kasalukuyang taon na binubuo ng tatlong komite- Komite ng Literatura (Literature Committee), Komite ng Musika (Music Committee) at Komite ng Sining Biswal (Visual Committee). Kinikilala ng AUX na integral ang sining sa pakikibaka ng mga manggagawa upang isulong ang kanilang ninanais at karapatan. Naniniwala din ang AUX na ang sining ay isang mabisang daluyan ng pagpapalaganap ng kung ano ang tunay na kalagayan ng mga manggagawa. Napatutunayan din nito na walang limitasyon ang pagpapahayag ng katotohanan lalo na kung ito'y sa pamamagitan ng sining

Sa panahon na kinikilala ang industriya ng BPO bilang isang "sunshine industry" sa Pilipinas, kasabay ng paglago ng iba't ibang BPO companies ay mas lumalaganap din ang kaliwa't kanang paglabag sa mga karapatan ng mga manggagawa. Isang halimbawa nito ay ang kasalukayang walang-habas na pagbuwag sa UEA o Unified Employee of Alorica na nag-iisang unyon sa buong industriya ng BPO, na kamakailan lang ay tinanggal ang kanilang pangkalahatang kalihim sa hindi katanggap-tanggap na dahilan. Ang UEA ay ang kauna-unahang unyon sa industriya na hindi lamang lumikha ng marka sa kasaysayan ng kilusang paggawa ngunit, higit sa lahat, ay nagsisilbi ring inspirasyon para sa mga manggagawa sa industriya ng BPO na ipaglaban ang kanilang karapatan. Ang mga ganitong karanasan ang nais isalarawan ng mga sining na nililikha ng AUX. Kasabay nito, nais bigyang diin ng AUX na ang sining ay hindi dapat ikinukulong sa karanasan ng isang uri. Mas magiging epektibo ito kung maiuugnay sa sining ng ibang uring pinagsasalamantahan: sining na yayakapin ng masa bilang kanila at sumasalamin sa kasalukuyang kaganapan sa lipunan.

Ang Kartilya ay una sa serye ng mga publikasyon na ilalabas ng komite ng literatura ng AUX. Ito ay isang uri ng zine na naglalaman ng mga lathalain tulad ng tula, prosa, larawan at iba pa. Adhikain nitong ipalaganap sa masa ang mga kaganapan sa bansa, partikular sa panlipunan nitong kalagayan sa pamamagitan ng popular at magaang paraan ng literatura.

PROSE

#4

Madaling-araw na nang may nagbukas ng pinto ng kubo ng dalaga. Naalimpungatan ang dilag ngunit ‘di niya pa rin makita ang bisita. Hinawakan siya nito at inalalayan palabas, patungo sa lilim ng mga matatandang puno. Pagdating ng umaga’y nagising siya sa loob ng kanilang kubong karga-karga ang bilugang sinapupunan. Nagulat ang buong baryo. Napadasal ang ilang kakilala sa bakanteng simbahan. Nagsimulang umikot ang mga tsismis kung kaninong asawa ang salawahan. Nagturuan ang mga ina. Nag-away ang magkakapit-bahay. Magkakasunod na balahaw ang narinig sa buong baranggay. Umabot sa katabing bundok, ilog, at sa sentro ang balita. Unang nakaalam ang mga nasa mataas na posisyon. Nangamba ang mayor na baka siya ang nakadali dito at masira ang reputasyon niya sa darating na eleksyon. Tinawagan niya ang gobernador na bihasa sa ganitong sitwasyon. Hindi ito sumasagot. Sumunod na ang mga panginoong-maylupa at mga usurerong walang pinanghahawakang pangalan dahil nakatatak na ito sa mapa at sa bawat butil ng pawis ng mga magsasaka. Sinilip nila ang malawak na sakahan ngunit di nila makita ang mga katuwang ng kalabaw at mga pananim. Walang ani nang araw na yun. Walang mapipitas na pinya o saging. Tila namroblema rin ang mga palay, gulay, at prutas sa natunghayan.

Dumating ang arawang ronda ng mga sundalo sa paligid ng mga bahayan. Tumigil ang lahat. Bumalik sila sa kanya-kanyang bahay at kubo. Mahirap na. Pabalik na rin ng kubo ang babae nang kumawala ang tubig sa kanyang panubigan.

Wala siyang magawa kung di iluwal ang sariling anak sa gitna ng liblib na kagubatan. Humiga siya sa piling ng mga patay na dahon at ng matabang lupain. Ibinuka niya ang mga hita. Hinagilap niya ang hangin ng kagubatan. Napunit ang kanyang kalamnan. Sa pag-iri ay lumabas ang isang malusog na kamote. Niyakap niya ang anak at inuwi sa kanilang tahanan.

Nang tumanda ang bata'y nagpaalam itong maglaro kasama ng iba pang bata sa baryo. Pumayag naman ang ina. Ngunit nang makita siya ng mga bata ay nagtawanan lang ang mga ito. Isa raw siyang malaking kamote. Yung kamoteng kabubunot pa lang sa lupa, yung marumi at may ugat-ugat pa. Tiningnan ng bata ang sarili, malinis naman siya. Hindi niya maintindihan kung bakit sila nagtatawanan. Nagalit ang bata at sinigawan ang mga nangungutya. Mas lalong nagtawanan ang mga ito. Kahit ang mga inang nakakita sa kanya ay natawa na rin. Saan ka raw nakakita ng kamoteng pinaglihi sa galit? Nahiya siya at tumakbo pauwi. Umiyak ang bata sa kanyang nanay nung gabing iyon. Hindi na raw siya lalayo sa kanilang bahay uli.

Isang araw habang tinutulungan niyang magsampay ng damit ang kanyang ina ay dinagsa sila ng sunod-sunod na putok ng baril. Tumakbo sila papasok ng bahay ngunit inabot ng ligaw na bala ang kanyang nanay. Ilang minuto pa'y tumigil ang putukan. Lumapit ang bata sa ina. Di na 'to sumasagot. Lumipas ang isang araw na nagluluksa lang ang anak sa harap ng nakahandusay niyang ina. Ang araw ay naging linggo, at ang linggo ay naging buwan. Bumalik ang mga kaluskos sa dilim ng gubat ngunit di na makatayo ang bata. Tila bang ayaw na ng katawan niyang iwan ang kanyang pinag-ugatan. Pinapanood niya lang ang nanay niyang parang mahimbing lang na natutulog. Pumutok ang isang baril. Hindi na naramdaman ng bata ang init na iniwan ng bala.

Lumapit ang mga sundalo sa target mula sa pinagtataguang dilim. Nakita nila ang babaeng nakahandusay, pamilyar ngunit di na nila maalala kung saan nila ito nakita. Mukhang matagal nang patay. Nagturuan pa sila kung sino ang nakadali dito. Malamang ay hindi galing sa batalyon nila. Humalakhak ang isa, yung tinatarget daw nila kanina ay isang malaking kamote lang. Nagtawanan ang grupo. Kumuha sila ng mga sinibak na kahoy sa kubo. Ninakaw din nila ang kasirola at tubig sa bahay at pinakuluan ang kamote. Nang lumambot na ito'y biniyak ito ng kumander nila para makatikim ang lahat.

#5

Dumating ang van ng ilang sikat na TV networks sa bagong gawang munisipyo. Lahat ay nagkakagulo sa gitna ng katanghalian, gusto nilang masilayan ang dakilang gusali. Matikas, malawak, at mataas na tila binabantayan nito ang musmos na siyudad. Nakipaggitgitan ang mga tagapagbalita sa mga nawindang na sambayanan para maipalabas nila ito sa gabi. Sa unang tingin pa lang ay naramdaman na ng mga tao ang ginhawa dahil may maaasahan na silang mahabaging tagapagligtas. Para bang kahit anong krimen ang gawin mo'y di ka nito sasaktan. Bibigyan ka nito ng isang pagkakataon para magbago, at isa pa uli kung uulit ka. Hindi ka nito pahihirapan, bibiyayaan ka lang nito ng mga banal na sermon hanggang sa kusang sumugat sa iyong damdamin ang bigat ng iyong pagkakamali. Nakonsensya ang mga holdaper at snatcher. Lumuhod sila't humingi ng patawad. Binasbasan sila ng liwanag ng gusaling dumampi sa kanilang mga nagmamakaawang mukha. Nagdasal ang mga saksi. Hindi lahat ay tinanggap ang kabanalan ng munisipyo. Marami ring nagsabing may sa-demonyo ito. Mukhang matibay, tipong kahit daanan uli sila ng Ondoy ay di nito iindahin, pero nangangamoy ang kasamaan nito. Malamang daw ay nag-alay na naman sila ng tao para sa bawat bato, kahoy, at semento ng gusali tulad ng ginawa nila sa nabalitang tulay dati. Baka nga raw pati ang pintura nito'y hinaluan pa ng dugo. "Kaya siguro naubos yung adik sa mga lugar natin, ano," biro ng isang tambay habang pinupunas ang hinubad na damit sa pawisang bilbil. Kinagabiha'y sinaksak siya ng kutsilyo ng lasing na kaibigan nang nagpintig ang tenga nito sa patut-

sada niya tungkol sa paghihiwalay ng lasing at ng syota nito. Naiwan siyang nakahandusay sa imburnal, bingi sa sumisigaw na aleng nagbabantay ng tindahan. Ang huli niyang maaalala sa kanyang buhay ay ang balita sa TV ng tindahan tungkol sa banal na munisipyo.

Dumating ang sasakyan ni Mayor. Nadatnan nila ang kaguluhan sa labas ng bagong munisipyo. “Putangina ng mga ralihistang to, unang araw pa lang ng city hall, nakaharang na sa entrance,” habang hinihimas ang makinis na binti ng sekretarya. Inutusan niyang businahan ang mga to. Nang makita ang media ay biglang binitawan ni Mayor ang binti ng katabi at nag-ayos ng polo. Nakahinga ng maluwag ang sekretarya at hinila pababa ang palda. Pagbukas pa lang ng pinto ay dinumog na siya ng mga tao. Naisip nilang kung ang munisipyo ang tagapagligtas, ang mayor ang tagapaglikha. Itinapat agad ng mga reporter ang dala-dalang mikropono sa tapat ng bunganga ng nasabing tagapagligtas. Tinanong siya kung anong masasabi niya sa pagsamba ng mga tao sa pinatayo niyang munisipyo. Bago pa man makasagot si mayor ay inamoy-amoy na siya ng mga kababaihan. Mula leeg hanggang sa kanyang dibdib. Nag-init ang pakiramdam ni Mayor. Napagtanto niyang hindi ralihista ang mga to, walang ralihistang ganito kasarap. Sinunggaban niya ang mga kababaihan at isa-isang hinalikan. Nagpa-picture pa ang iba. Sumingit sa kaguluhan ang mga lalaking mukhang gusto ring makahalik. Nakita niya pa lang ang mga mamasa-masang nguso ng mga ito’y inabot na niya ang mga dala-dalang damit sa kotse. Ibinato niya ang puting damit na may malaking litrato ng mukha niya sa lahat ng nakangusong kalalakihan. “Bakit at paano niyo po itinayo ang city hall nang mag-isa?” Tanong ng isang reporter. Napakunot lang ng noo ang mayor sa tanong. Narinig niya ang huni ng isang kampanilya sa likod ng kaguluhan. Sinubukan niyang hanapin kung saan ito nanggagaling pero natabunan lang siya ng mga tao kaya bumalik na lang siya sa pagbibigay ng damit, sapatos, twalya, at pamaypay sa mga taga-suporta. Di pa man eleksyon, pakiramdam niya’y panalo na ulit siya.

Humuni uli ang kampanilya. Lumabas sa likod ng munisipyo ang mga manggagawang wala nang lakas magmadaling umuwi. Nagtipon sila sa bilihan ng yosi, naghiraman sa pangsindi. Nakita nila ang nangyayari sa harap ng munisipyo. Hitit, buga. Binuhat nila ang kanilang mga paa patungo sa sakayan ng jeep. Buntong hininga.

Bataan Death March

Grandfather says that bombs fell when he was 9, like petals from the flower girl's basket on his wedding day. Grandmother's more weary. She asks me if I knew anything about flowers, and how fast did I think bruises bloomed? What did I feel about men marching until they dropped like mosquitoes eliminated with bombs targeting only their kind.

Grandfather says he would hide under holes dug into the ground, that time when bombs fell. Like only layers of fertile earth could save their souls from damnation. But with his tone growing soft, he declares: if war meant meeting the love of your life, I would do it all again. Dig myself into a hole and lie in it.

Grandmother is more weary. She is older. Love meant nothing if found in the time of war. In war, young men walked 'til they ran out of feet--like life's one long race to ground zero.

Meanwhile: old posh men playing, swatting flies, in the safety of their homes while
everyone else blooms red.

That's war.

It's dead fathers on empty arms. Following the trail of petals the flower girl left.
The church doors opening. You covering your eyes.

Contractualization Must Stop

Isa lamang ang contractualization sa mga binaling pangako ni Duterte.

Pebrero 26, 2017 nang sinabi niyang hindi na niya wawakasan ang kontraktwalisasyon sa trabaho. Taliwas ito sa kanyang pangako. Ani nya, huwag na nating pahirapan ang mga kapitalista sa kanilang negosyo pagkat pera naman nila ang nagpapatakbo sa ating ekonomiya. "Kompromiso" na lamang natin ito sakanila. Sa limpak-limpak na inaaning salapi mula sa ating lakas paggawa, bakit hirap na hirap silang ibigay ang regular at nakabubuhay na sahod?

Napakalupit! Nakakagalit!

Para sa isang manggagawa na walang tiyak na seguridad sa trabaho, ni walang benepisyo at tumatanggap ng hindi makatarungang sahod. Dagdag pang pasanin ang sumisirit na presyo ng bilihin dahil sa Train Law!

"Walang produksyon at kita, kung walang lakas-panggawa." Walong oras na ginugol sa pagtatrabaho ngunit kakaunting oras lamang ang binabayaran sa mga manggagawa sa pamamagitan ng sahod.

Hindi tama! Kalabisan sa pagkamkam yaman!

Sobrang pambubusabos ang ginagawa ng kapitalista ng walang kahirap-hirap na kumikita ng milyon - milyon kada araw.

Samantalang pagtatanggol pa ang nabulaslas ni Duterte ng sabihin "sariling pera naman ng kapitalista ang kanilang kita."

Ang manggagawa ang siyang naghihirap araw-araw. Dugo't-pawis at seguridad ang itinaya para sa maliit na kita. Hindi makatarungan! Idagdag pa ang isang malaking banta sa manggagawang kontraktwal kapag dumating na ang endo.

Napabalita ang pagsasagawa ng strike ng NutriAsia, Monde, Nissin, Unipak, Pepsi, Jollibee at iba pa. Pangako ni Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon pero imbes na tuparin, pasismo't karahasan ang ibinigay sa mga manggagawa na dumadaing upang makamtam ang makatarungang sahod, maayos na pagawaan at wakasan ng tuluyan ang lahat ng porma ng kontraktwalisayon.

Ang pagprotesta ng PLDT workers at Harbour Center Worker's ay ilan lamang sa mga patunay na hindi na mananahimik ang mga manggagawa at titindig ang mga ito para wakasan ang pagsasamantala ng mga kapitalistang ubod ng ganid sa tubo!

Ang kalunos-lunos na kalagayan ng manggagawa ay nagiging malinaw na sa buong bansa ngunit nagiging bulag, nagtetengang-kawali at hindi binibigyang pansin ng Rehimeng Duterte at ng mga Kapitalista ito hangga't nakakakuha sila ng malaking tubo at ganansya mula sa katas ng paghihirap ng mga manggagawa. Dahil sa kontraktwalisasyon hindi garantiya kung mahusay, masipag o kung gaano ka na katagal naglilingkod sa kumpanya.

Wala tayong maasahan na kahit ano pa man sa tahasang anti-manggagawang rehimen ni Duterte. Huwag na tayong magpaloko sa mga taong nagpapanggap na taga-salba natin, nala namang ibang ginagawa kundi pigain ang ating lakas paggawa. Oras na para singilin natin ang pinunong diktador sa anti-mamamayan niyang patakaran at kapabayaan sa masa. Magka-isa tayo laban sa kontraktwalisasyon; wakasan natin ito at ating isulong ang National Minimum Wage.

Ngayon na ang tamang panahon ng pagkilos!

POETRY

ANGGULO

Mga basyo ng bala

Dugo sa kalsada

Sachet ng droga

Pulbura sa tsapa

Bombilyang umaandap

Kamerang kumukurap

Bulag na CCTV

Nagmumurang Presidente

Ikaw sa harap ng TV

Lumalagok ng kape

PABRIKA

Bakas ng buhay
Sa bakal (kaluluwa)
Langitngit ng tarangkahan,
Pag-anyaya papalabas
Kadenang nakalaylay
Kapitan ng bangkay
Walang emosyong
Nahihimlay
Nananahimik
ang díwa.

SA PANAHON NG LIGALIG

Kung matututong makinig,
malalaman natin
ang sagot
kung bakit tahimik
ang mga kuliglig
kaluskos katok putok

Kalimutan mo muna
ang pananaginip
ng panaginip
sapagkat isa-isang
nawawala sa bilang
ang mga tupa

Tandaan, napakahaba
ng pagkurap upang mahuli
ang magdamag
Nagkukubli sa lilim
ng mga anino ang anino
ng panganib
ng mga baril.

Buhol-buhol na kawad
ng kuryente ang dila
ng mga saksi
Nakapiring ang mata
ng kamerang nakamasid
sa kahabaan ng gabi

Awitin mo sa akin
ang iyong pangamba
nais ko pang magising
kasama ka sa umagang
ikinakasa ang huni
ng mga baril.

MAY KAPANSANAN
ANG BUWAN

Bulag ang buwan, anak.
Kaya nga't dahan-dahan ang kaniyang paggalaw.
Sadyang walang hinahabol
at sadyang wala ring nilulugod.
Hindi alam na siyang may dala ng hudyat:
pagtatapos, paglimlim, at paminsang lagim.
Hila ang dagat, ang buntong hininga ng mundo
bulag ang buwan, anak.

Marahil pipi rin ang buwan, ‘tay.
Hindi ba't ang bingi ay kadalasang pipi rin?
Dito sa ati'y malagim palagi ang gabi,
hinahalinahan ang katahimikan,
sinasamantala ang pagkaubod sa pagod -
inaakyat ang bakod, kamay sa kung ano mang siwang,
ginagahasa ang asawa't babaeng anak,
pinagnanakawan ang matandang kapitbahay,
isinasarado ang simbahan,
at kinikitilan ng buhay ang kung sino mang manlalaban.
Tatay, sadya bang marahas ang buwan?

SA ATIN
ANG LUPA

Sa atin ang lupa,
ang tawag,
ang tadhana.
Sa paglaban:
sa atin ang lupa.

Kasama, makinig, tandaan:
sa atin ang lupa -
ngunit iwaksi ang pagtatangkang mang-akin,
ipagtatanggol ito at babarikadahan,
pero ang laban ay hindi sa pagpapangalan.
Kung hindi para sa bayang makikinabang,
hindi rin nararapat sa atin itong lupa.
Kapatid, aangkinin nila itong lupa,
tayo'y tatratuhing kaaway,
may mapapaslang,
may kakaliwa't mag-aarmas,
may kakanan at kunyari'y kakampi,
sila'y darating at darating,
pero ito ang totoo,
sa paglaban:
sa atin ang lupa.

NIGHT DIFFERENTIAL

I.

Hindi
natinag ang pag-asang
ako'y tao, hindi
unggoy. Paulit-ulit mang sabihin
ng customer sa kabilang linyang,
"*Speak*
English, you monkey."
Natutunan kong
sawayin ang dila,
tulad ng training na sumala
sa mga 'di marunong
sumunod.
Acknowledge. Apologize. Advise.

II.

Maririnig ang pagpipintig ng sariling
pandinig sa bawat bira ng mura
mula sa manager
at sa manager
ng manager
ng manager na hindi
ko nakikilala.

Ibang uri ang mahapdi na mga salita
Ibang hapdi ang uri ng mga salita
Ibang salita ang hapdi ng uri
na hindi ko nakilala.

III.

Ipinangakong maaari
ng paningin ang lahat ng nais
marating, tulad ng ginhawa na ‘di
pa kailan man naaninag ng matang
hirap manatiling gising sa harap
ng nakabubulag na liwanag ng bukas
na monitor.

“Maghanap ka ng bagong
trabaho, sa amin
may opening.”
Niyaya mo ako sa kadiliman
ng gabi. Kinuha ang kasaysayan
ng pagpapaubaya sa dayuhang
kumpanya, mairaos lang ang buwang
wala ang bukambibig. Hinanap
mo ang patunay ng pagkabuhay
na parang hindi sapat
masaksihan akong dinadala
ang katawan.

Doon tayo pinaglayo
sa lilim ng kasinungalingang
maaaring maging tao
ang tao sa hindi
makataong sitwasyon. Dito,
kung nanaisin lamang, natin
matatagpuang muli ang mata
ng isa’t isang mulat
na inaaninag
ang karimlan.

PASAWAY

we are only preoccupied with bodies when there are ones to be identified / and I can't forgive unless I allow it to happen again /

you tell me / you do what you do only / because it was right / so running headfirst into / annihilation must be right

/ just because your leaving meant the world to you /

does not mean / we necessarily approve / necessarily

from the enemy's grasp / we contemplate about / severity / cry about / disability your gun-riddled mutilated // body // I didn't know anything about // society // or the injustices against it / when we met /now /

you are the firsthand /

victim

/

testimony

/

your clothes unwritten love letters / receipts warm / with blood
your sign

// yours truly //

should I apologize to your mother for / not hunting them down /
should I apologize to you?
I can’t follow

/ in your / footsteps not yet

no // justice // in a world

not bathed in red.

no apologies / only funeral assistance / how do they get away with the things they do

you told me / a facet of creation is / taking something painful / and making it justifiable /
I find a way of making your disappearance //

“justifiable”

// the people supposed to help us never do /
not mourning / not scared /

you know what I’m scared of the most

Para kay Jo Lapira, isang estudyante-aktibista, na pinaslang ngayong taong 2018.

KUNG SAAN MALIWANAG, MADILIM V

Nahahalina ang mga ulo sa makabagong tugtugin
Nakaupo sa trono ang pinuno, mukhang may bagong tuntunin
Nanunuod ang madla, may mga dala silang kutkutin
Papalit-palit ng emosyon ang panahon, sumpungin
Araw na ng paglilitis
Sila na ang maglilinis
Ang mundo ay makikinis
Maglalabasan mga ipis
sa kanilang lungga
Ang ayaw uminom, tumba
Kahit hindi gusto ang lasa, sige lang tungga
Tinataya na buhay, basta hindi sa kanilang pusta
Nakakatawang nakakainis
Silang nagmamabagal ang siya ring nagmamabilis
Silang mga makasalanan ang siya ring nagmamalinis
Sakim ang tagapagsalita
Sakim din ang mga nagmamatiyaga
Anong mas malala,
Kapag pinuna ng mapanghusga ang panghuhusga?
O nung may sumigaw ng puta
walang tumayo kung hindi ang namuna?

Anong magkaiba?
Parang wala naman
Tinatakbo’t pagpapagal
Parang wala rin naman
Silang nagsasabi ng tama
nakikisabit lang ‘ata
kaya kapag nagkapitpitan, magkalagkagkitan
Pero wala ring laman
Buwitri sa baliktad na langit
Sumasayaw sa ihip ng hangin
Kasabay na naaliw sa mga ulong tumatango sa makabagong tugtugin
Nag-aabang sa unang dugong makikipagsanib sa hangin
Ang pinakabaleng leeg ang ulam na ihahain.
Sa lamesa ng pinuno, ginto mula sa pinakamaliit na detalye hanggang dulo
Inilatag na maso, pabaon ang pagbagsak
Natungkab ang ginto sapagkat payak
Pinagkaguluhan ng mga tao ang huling piraso na nalaglaglag
Nalusaw sila sa araw
Nagbibintangang matatakaw
Nauupos habang pilit na humahalakhak

DRUG TALK BANTER

Do I see
What nobody else can see
Is it just me
or is the world going down
The wars
The drugs
The hate
Do we want our children
to see what we have to flee
Do I want
My child to see
The drug crazed eyes
The drug talk banter
of someone who is high
Hiding behind a lie
Thinking it's all fine
Do I want
My child to see
The pain and the hate
that war can bring
The losing of sight
The loss of life and limb
No
I want
My child to see
Love happiness and peace

AVENGE
OVER INFAMY

Been heard throughout months and years,
Through countless tales of deceit;
Of actions enough to call terror,
Outweighing its own feat;
It expressed words like change and hope,
Enough to gain people trust;
Only to see the pictures,
Of anger if not lust;
The prosperity benefited the few,
Contrary to statements saidth "benefit the many";
It did tried to knit the country with roads and bridges,
While some brought bloodied trails with fallen innocents and mistaken identities;
Such truths no wonder why most dare to oppose,
In a time "all live in infamy".
Intoxicated with power and fame,
And demanded over and over again;
From the time he entered the palace with his retinues,
Mostly from the past, a refuse;
His innermost thoughts increasingly contrary,
To those of his people whom against tyranny;
Now they realise they see blood,
And in his soul bereft of an ideal;
Behold the man! Is he worth the pioneer?
The cherisher of ideal? The fulfiller of hope?

For he, intoxicated with power, what more of ambition,
Whilst hands soiled by blood, and mind of intrigue;
His retinues repeating their praises and his feats,
Trying to sneer ears and to live in folly and desolation.
With all the truths no wonder there are those who oppose,
And continue to assert what is ideal;
That ideal rooted from the truth, a continuity of a tradition,
Whose servants whose lasting landmarks, now rotting, a place of misfits,
If not took by storm by the awakened, trying to counter cruelty by protest;
The truth hath shown by blood, if not the poverty,
Enough to bring the people to the square rising against tyranny;
They hath enough of heartaches and sorrows,
That outweighs the numerous feats of markets, bridges, and roads;
Expect the court jesters trying to sneer them if not the attack dogs,
To be unleashed by the drunkard tyrant from its cages;
But still cannot hinder the fervor nor extinguish its flames,
As some if not all amongst the concerned taking the deed like offerings,
Willing to sacrifice in the altar whose god's name: freedom.

MISENCOUNTER

Everything is silent in the tropical forest,
Same old green and brown side by side;
When the "lawful elements" passes by,
Trying to flush out the "foe" for according from their info where they lie.
Rifles presses through the woods and boots stump the muddy trails,
Seeking the "fishes" as they're "trying to drain the water" according to the great helmsman's quote;
But hours later guns firing over the scene, only to found their foe weren't been,
Instead both from the system got shot by the guns carried in.
They would afford to deny if not for the truthbearers came,
And trying to say "the rebels did it" if not "a massacre or a bloodbath" set in;
Yet no choice they end settled in fingerpointings, denying their wrongdoing,
With all their statements confusing if not worth distorting.
And their commander-in-chief, trying to "shut things up" hath to accept responsibility for that "friendly fire",
While his officers trying to compensate the wounded and the dead, with cash and flowers;
Still, the widows and the wounded cannot accept their apologies for the ordeal,
No matter how the commentators in social media sites afforded to ridicule them after the upheaval.
It will never be cleared, no matter they acknowledged,
It will never be denied, no matter how they could try,
But instead a voice from that the same forest is heard wailing:
"Give up the firefight! Join us in fight for our rights!"

KIAN

Halos isang taon na ang nakalipas
Alaala niya ay ‘di parin lumilipas
Muli niyang binalikan
Mga panahong nagdaan
Kung paanong ang lahat ay nagsimula
At kung paanong bigla na lamanag nawala

Isang pangkaraniwang araw
Nagsimula ang lahat sa nakagawian
Gumising ng maaga para tindahan ay bantayan
Pagkatapos ay saka kikilos
Patungo sa paaralan, na kanyang pangalawang tirahan

Matayog ang pangarap ng batang si Kian
Kaya’t ang pagsusumikap ay ganoon na lamang
Kapag natapos ang pag aaral pangarap niya’y maging pulis
Nang sa masamang loob ay siyang tutugis

Isang gabing madilim ay hindi akalain
Siya ay bigla na lamang dadakpin
Ng mga lalaking nagpakilalang parak
Pakay sa kaniya ay hidni matiyak

Kinaladkad na parang kriminal
Sa pagmamadali halos madapa sa imburnal
Kinapkapan, pinagbintangan
Kanyang pagkatao'y kanilang hinusgahan

Pakete ng droga'y kanilang sinamsam
Pinalabas na nagmula ito sa batang si Kian
Kwento nila'y nanlaban ang bata
Kaya ba ganun na lamang ito'y kanilang itinumba?

Binaril ng walang kalaban laban
Baril na bumawi sa kanyang buhay
Baril na iniwan sa kanyang bangkay
Di na niya magawa pa ang manlaban

Marahil ay may katwiran na droga ay nais nila wakasan
Subalit teka hustisya ay nasaan?
Sa isang iglap ay kaya ka nilang husgahan
At pag di pa nakuntento ika'y kikitlan

Ilang pamilya pa ba ang magluluksa?
Ilang Kian pa ba ang mawawala?
Nang dahil sa kampanya laban sa droga
Nang dahil sa kawalan ng sapat na hustisya?

Ikaw? Kelan ka ba huling nakialam?
Kelan ka ba huling nakaalam?
Sa mga isyu ng lipunan
Na lahat ay ugat ng kahirapan

Hinagpis ng pamilya ay hindi mailarawan
Hustisya at batas ay di sila pinanigan
Ginigiit na tama ang kanilang katwiran
Ginigipit mahihirap na mamamayan

Mahirap pairalin ang batas
Kung paghusga ng hukom ay di patas
Ilang henerasyon pa ba ang makararanas
Ng kawalan ng katarungan sa Pinas?

TAGUAN

Napakarami nang nahuli
Ngunit lahat ba ng ito ay may silbi?
Sa bawat buhay na binawi
Umalingawngaw mga hikbi

Sa kanilang pananaw nagampanan nila ang kanilang tungkulin
Madalas na dahilan, kesa naman raw kanilang buhay ang kunin?
Bata man o matanda sa kanila'y nagmamakaawa
Humingi ng pagkakataon na sila ay pakinggan
Ngunit napala naman nila ay wala

Ilang buhay pa ba ang kailangang ibuwis
Upang ang totoong kalaban ay matugis?
Kelan ba tayo mamumulat sa katotohanan
Na ang lahat ng ito,ugat ay kahirapan

Sa pagpuksa ng kalaban hindi kailangan gumamit ng dahas
Bagkus kailangan ang pagpapairal ng makatarungang batas
Batas na walang pinapanigan
Kundi ang maibigay ang marapat na hustisya

Tama na ang pagtatago at paghahanap
Pagkat ang tunay na kalaban ay di mahahagilap
Huwag sana tayong magbulag bulagan
Pagkat lahat ng ito,bunga at epekto ng kahirapan

IRATE NA ANG MGA AHENTE SA ALORICA

sapagkat walang maibigay
ni isang assurance statement
itong administrasyon kung bukas
o sa makalawa, makakapasok pa
kami sa opisina. Wala ni katiting
na empathy sa mga ahente
kung magpatupad ng 'di makataong
policies (hello humanity, sorry
all lines are busy). At sapagkat
kay tagal nang naka-hold ang aming
pasensiya, bukas na bukas
magta-transfer kami sa kalsada,
Magki-queuing lahat ng linya
sa isasagawa naming welga.

PHOTOGRAPHY

The picture, shot at the footbridge in Commonwealth Avenue, features a guy playing a harmonica begging for alms if not escaping own problem. its own brawn.

Like any other beggar, one would say it reflects poverty, true it is although it also shows a country's mendicant nature: like the beggar begging for alms, so is a country begging for loans and investment.

Ironically that country or rather, its government, insists that "change start from the self", that "everyone should stand on their feet", anything that invokes faith in its own brawn.

The picture was shot during a rally with its theme condemning the Duterte regime for its fascistic tendencies affecting the Filipino people. The iron hand shows how the regime, like its predecessors, showed throughout in order to satisfy vested interests.

Pag-ikot sa nasusunog na effigy ni Duterte ng mga kinatawan ng mga manggagawa noong Mayo Uno (2018) sa Mendiola bilang pagpapakita ng pagkadismaya sa mga lumalalang kondisyon ng kontraktwalisasyon, pagbuwag ng mga unyon, di-makataong pagpapasahod at pagpapalakad ng kumpanya na binabalewala sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Bandera ng iba’t ibang unyon ng manggagawa at mass organizations sa ilalim ng nagbabadyang ulan noong Mayo Uno sa Mendiola

Hanay ng pulis na idineploy sa isang pagkilos ng mamamayan upang ipagnawagan ang sahod, trabaho at karapatan. Sa halip na kanilang pagsilbihan ang mamamayan, sila itong nanghaharang at nananakit sa mga dumadalo sa mga pagkilos. Malinaw na ang kanilang motto na *"Serve and Protect"* ay para lamang sa naghaharing-uri.

Isang mangingisda sa Pangasinan, na sa umaga ay "tour guide" at sa gabi naman ay nangingisda. Dahil hindi biro ang kahirapan, hindi sapat ang isang hanapbuhay upang ipantawid sa pang-araw araw na pangangailangan ng pamilya. Mapait isipin na napakaraming mangingisda sa Pilipinas, pero kinakailangan pa din nating mag-import ng galunggong.

Dalawang dekada ng namamasada si Manong Driver. Ang kanyang jeepney ay dinisenyuhang mabuti upang ito ay magmukhang "groovy", na akma sa musikang kanyang pinapatugtog habang namamasada. Minahal nya ang kanyang jeep dahil isang dekada nya itong pinag-ipunan at ito ang bumubuhay sa kanya at sa kanyang pamilya. Sa programang Jeepney Phaseout, parang sinasabi na ding i-phaseout ang buhay ng mga driver at ng kanilang pamilya.

Sa mata ng mamamayan, hinuhubad ni Duterte ang kanyang maskara at inilalantad ang kanyang tunay na anyo : isang demonyong uhaw sa dugo, ganid sa salapi at kapangyarihan, tuta ng imperyalista, anti-mamamayan at pasimuno ng kaguluhan.